9

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Anthony Jasmin Arciaga, Teacher I, LIS |
| **Illustrators:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Layout Artists:** | Anthony Jasmin Arciaga, Teacher I, LIS |
| **Content Editors:** | Lilibeth C. Fernecita, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Language Editors:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief SDO-Muntinlupa City |
| | Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Nelia G. Abejar, SDO Coordinator, Filipino |
| | Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | May L. Borjal, PDO SDO-Muntinlupa City |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

| Aralin 1 | Anekdota o Liham na Nangangaral |
|---|---|

## Inaasahan

Sa modyul na ito ay malilinang ang iyong pagkatuto. Dama ko ang iyong pananabik sa susunod nating aralin, kaya naman narito ang mga gawaing tiyak na lilinang sa iyong kaisipan at kasanayan.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

-Naisusulat ang isang anekdota o liham na nangangaral; isang halimbawang elehiya (F9PU-IIIa-53)

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Uri ng tuluyan na tumatalakay sa nakatatawa at kakaibang pangyayari.
A. Anekdota B. Dula C. Pabula D. Talambuhay

_____2. Alin sa mga sumusunod na akda ang halimbawa ng anekdota?
A. Ibong Adarna C. Tsinelas ni Pepe
B. Florante at Laura D. Ang Matsing at ang Pagong

_____3. Ang mga hakbang sa pagsulat ng anekdota ay ang mga sumusunod, MALIBAN sa
A. Pagpili ng nakatutuwang pangyayari sa buhay
B. Gumawa ng balangkas
C. Pumili ng angkop na pamagat
D. Gawing seryoso ang paglalahad

_____4. Ang akdang ito ay isinusulat sa paraang nakikipag-usap at pagbabahagi ng sariling karanasan ng isang kilalang tao.
A. Dula B. Nobela C. Anekdota D. Tula

_____5. Ang mga sumusunod ay dapat isaalang-alang sa pagsulat ng isang anekdota o liham na nangangaral, MALIBAN sa
A. Makatotohanang paksa na nakabatay sa sariling karanasan
B. May iisang paksa lamang
C. Pagsasaalang-alang sa maiiwang kakintalan sa mambabasa
D. Pagbibigay impormasyon

## Balik-tanaw

**Panuto**: Piliin sa loob ng kahon ang Genre na angkop sa mga sumusunod na akda.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Anekdota | Pabula | Tula | Talumpati | Sanaysay |
| | | Maikling Kuwento | | |

______1. Ang Ama

______2. Niyebeng- Itim

______3. Ang Hatol ng Kuneho

______4. Ang Kababaihan ng Taiwan, Ngayon at Noong Nakaraang 50 taon

______5. Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang **Anekdota** ay isang uri ng akdang tuluyan na tumatalakay sa nakatatawa o kakaibang pangyayari o insidente. Ang layon nito ay pagbibigay ng magandang karanasan na may mahalagang aral.

Isa rin itong maikling salaysay ng isang tanging pangyayari na lubhang kawili-wili. Ang anekdota'y isinasalaysay upang makalugod o magbigay kawilihan. Ang tauhan nito ay karaniwang tanyag o kilala.

**Mga Dapat isaalang-alang sa pagsulat ng Anekdota**

1. Makatotohanang Paksa na ibinatay sa tunay na karanasan.
2. May isang paksa lamang na tinatalakay.
3. May kakintalang maiiwan sa mambabasa

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Anekdota**

1. **Isiping ang isinusulat na anekdota ay isang libangan.**

Magsaliksik ng isang nakatutuwang pangyayaring kapupulutan ng aral mula sa isang kilala o tanyag na tao. (Halimbawa: bayani, pulitiko, artista, manlalaro, at iba pa)

2. **Pagpili ng mga nakatutuwang pangyayari sa buhay.**
   Ilahad ang mga pangyayaring nakalilibang sa mga mambabasa.

3. **Paggawa ng balangkas.**
   Ayusin ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ayon sa gabay ng pagsulat.

4. **Umisip ng nakatatawag- pansin na panimula.**
   Maaring tanong o pagsipi sa isang pahayag o panggulat na pangungusap.

5. **Paghahayag ng suliranin mula sa ikalawang talata.**
   Bagama't maikli dapat makita ang suliranin sa kuwento. Kailangang banggitin ang tagpuan o lugar na pinangyarihan.

6. **Paglalahad ng nilalaman bilang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.**
   Nakatuon sa bahaging ito ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari mula sa simula, tunggalian, kasukdulan at wakas.

7. **Pagwawakas sa kuwento sa maikling paraan.**
   Ihayag ang aral na nais ipabatid sa mambabasa.

8. **Pagpili ng angkop na pamagat.**
   Kapag natapos na ang kuwento isunod ang pamagat. Maikli at nakatatawag-pansin at sikaping may kaugnayan sa nilalaman ng anekdota.

**Gawain 1**
**Panuto:** Basahin at unawain ang halimbawa ng Anekdota.

**ANG TSINELAS NI PEPE**
**(Anekdota ni Jose Rizal)**

Isang araw, sumama si Pepe sa kaniyang ama sa pamamangka sa ilog. Gustong-gusto ni Pepe ang pamamangka dahil bukod sa nalilibang siya ay nagugustuhan niyang pagmasdan ang mga nagtataasang mga puno at naggagandahang mga halaman at bulaklak. Nagustuhan din niyang pagmasdan ang napakalinis at napakalinaw na ilog. Ginagawa niya itong salamin upang makita ang kaniyang mukha. Iba't ibang ayos ang ginagawa niya sa kaniyang mukha. Minsa'y idinidilat niya ang kaniyang mga mata o di kaya naman ay pinalalaki niya ang kaniyang bibig. Gustong-gusto rin niyang nakikita ang iba't

ibang ibon na nagpapahinga sa kanilang mga pugad. Napapapalakpak siya sa tuwing siya'y makakikita ng mga ibong sabay-sabay na lumilipad.

Sa bandang likuran ng bangka laging umuupo si Pepe. Nakataas ang kaniyang mga paa sa malapad na kahoy na inuupuan ng kaniyang ama.

Ang paghanga ni Pepe sa sama-samang paglipad ng mga ibon ay kaniyang pinapalakpakan.

“Yehey! Ang ganda! Sabay-sabay sila sa paglipad! Sabi ni Pepe habang siya'y walang tigil sa pagpalakpak.

“Pero, huwag kang malikot. Baka lumubog ang bangka,” paalala ng kaniyang ama.

“Dinaramdam ko po, Ama. Labis po kasi akong nagandahan sa nakita ko," sabi ni Pepe.

Muli na namang nakakita si Pepe ng mga ibong sabay-sabay na lumilipad. Hindi niya mapigilan ang pagpalakpak. Kasabay ng kaniyang pagpalakpak ay napakislot ang kaniyang kanang paa. Hindi niya inaasahang mahuhulog ang isa niyang tsinelas.

“Ama, nahulog po ang aking isang tsinelas,” sabi ni Pepe.

Huwag kang mag-alala. Ibabalik ko ang bangka para kunin ang tsinelas mo,” sabi ng kaniyang ama.

Sa halip na sumang-ayon ay itinapon ni Pepe ang kapares ng tsinelas.

“O, bakit mo itinapon ang kapares ng tsinelas mo?” Tanong ng kaniyang ama.

“Para po pakinabangan ng makakukuha. Hindi po kasi niya magagamit ang isang tsinelas lamang,” sagot ni Pepe.

Natawa ang ama ni Pepe. Ipinagpatuloy niya ang pagsagwan habang tuwang-tuwang pinanonood ni Pepe ang nagliliparang mga ibon.

https://philnews.ph/2020/01/30/anekdota-mga-halimbawa-ng-anekdota-anecdote/

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong hinggil sa binasang anekdota.

**GABAY NA TANONG:**

1. Sinong bayani ang kinakatawan ni Pepe sa anekdota?
2. Ano ang sinisimbulo ng sama-samang paglipad ng ibon?
3. Ano ang sinisimbulo ng tsinelas sa anekdota?
4. Ipaliwanag ang pahayag na, "Para po pakinabangan ng makakukuha. Hindi po kasi niya magagamit ang isang tsinelas lamang."
5. Bakit mas minabuti ni Pepeng itapon ang naiwan na tsinelas? Kung ikaw si Pepe, gagawin mo rin ba ang ginawa niya?

## Gawain 2

**Panuto:** Isulat ang iyong sariling pagpapaliwanag sa mga sumusunod.

**ANG TSINELAS NI PEPE**

(Anekdota ni Jose Rizal)

Katangian ng kilalang tao na binabanggit sa anekdota

____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________

Natutuhan sa Anekdotang nabasa

________________________
________________________
________________________
________________________
________________________

Kawili-wiling pangyayari sa anekdota

____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________

## Gawain 3

**Panuto:** Bumuo ng anekdota batay sa sumusunod na paksa.

1. Ako at Ang Online Class
2. Buhay Pandemic
3. Paasang Pag-ibig
4. Ako sa Bagong Daigdig
5. Tiktok
6. Mobile Legend

_______________________________
Pamagat

## Tandaan

1. Ang anekdota ay bahagi ng panitikan na nakatuon ang kuwento sa isang kilalang tao.
2. Ang anekdota ay may maikling pangyayari at may kawili-wiling pangyayari.
3. Ang anekdota ay nagbibigay aral sa bawat mambabasa.

Batid kong naging maliwanag sa iyo ang ating naging talakayan sa modyul na ito. Ating alamin ngayon ang iyong natutuhan.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Saliksikin ang anekdota ng mga sumusunod na kilalang tao sa lipunan. (Gat Andres Bonifacio, Manuel Luis Quezon, Sen. Manny Villar, Henry SY) Pumili ng isa lamang.

| ______________________________ Pamagat | |
|---|---|
| Mahahalagang Pangyayari | |
| Kaisipan ng akda | |
| Aral na natutuhan | |

## Gawain 3

**Panuto:** Bumuo ng isang liham sa kapatid, pinakamalapit mong kaibigan o taong sa palagay mo'y kailangan ng isang paalala katulad ng napulot mong mensahe sa Anekdota ni Dr. Jose P. Rizal.

Paalala: Huwag kalilimutan ang wastong bahagi ng Liham.

- ✓ Pamuhatan
- ✓ Bating Panimula
- ✓ Katawan ng Liham
- ✓ Bating Pangwakas
- ✓ Lagda

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

_____1. Ang mga pangyayari sa anekdota ay _______________ subalit nag-iiwan ng aral sa mga mambabasa.

A. mahabang salaysayin
B. iisa ang diwa
C. nag-iiwan ng kakintalan
D. maikli at kawili-wili

_____2. Ito ay akdang mapagkukunan ng detalye sa pagbuo ng anekdota.

A. Tula B. Alamat C. Talambuhay D. kuwentong Bayan

_____3. Ang mga sumusunod ay katangiang dapat taglayin ng isang anekdota, MALIBAN sa.

A. May-aral B. Kawili-wili C. Maikli D. Pormal

_____4. Dapat isaalang-alang sa pagsulat ng anekdota ay ang taong _______.

A. Edad B. Katungkulan C. Kilala D. Mahusay

_____5. Sa pagsulat ng anekdota kailangang nakatuon sa _____________.

A. Kaakit-akit na pamagat
B. Kakaibang wakas
C. Natatanging simula
D. Nakatutuwang pangyayari

## Sanggunian

Kagamitang Pang-elektroniko

Kapitolyohs.files.wordpress.com
https://philnews.ph/2020/01/30/anekdota-mga-halimbawa-ng-anekdota-anecdote/
https://www.myph.com.ph/2011/10/malikhaing-pagsulat-anekdota.html

## Susi sa Pagwawasto

**Susi sa Pagwawasto:**

| Panimulang Pagsubok | Balik-tanaw | Pangwakas na Pagsusulit | |
|---|---|---|---|
| 1. A | 1. Maikling Kuwento | 1. D | Gawain 1, 2, 3 at Pag-alam sa |
| 2. C | 2. Maikling Kuwento | 2. C | natutuhan ay guro ang magwawasto. |
| 3. D | 3. Pabula | 3. D | |
| 4. C | 4. Sanaysay | 4. C | |
| 5. D | 5. Tula | 5. D | |